REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

## KAPASIYAHAN BILANG 42

**KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG INSENTIBO ANG MGA "APPREHENDING UNITS" NA NAKAHULI SA MGA LUMABAG SA KAUTUSANG BAYAN BILANG 88-01 (PAGBABAWAL SA MAHAHALAY AT MALALASWANG PALABAS); KAUTUSANG BAYAN BILANG 88-09 (OBSTRUCTION OF TRAFFIC AND LOADING AND UNLOADING IN PROHIBITED ZONES); AT KAUTUSANG BAYAN BILANG 88-10 (PAGBABAWAL SA ILLEGAL VENDORS) SA PAMAMAGITAN NG MGA MULTA NA IPAPATAW NG MGA NASABING KAUTUSANG BAYAN SA PAGKAKASUNOD-SUNOD : LIMAMPUNG BAHAGDAN (50%) MAPUPUNTA SA BAHAY PAMAHALAAN AT LIMAMPUNG BAHAGDAN (50%) DIN ANG MAPUPUNTA SA APPREHENDING UNIT.**

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ANG pangunahing layunin ng Pamahalaang Bayan ay maisagawa ang kalinisan, katahimikan, kaayusan at kaunlaran ng Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, upang maiwasan ang mga katiwalian sa pagtupad ng tungkulin tulad ng pangunguwalta sa gobyerno at masuhulan ang mga humuhuli o mga nagpapatupad sa mga Kautusang Bayan sa mga lumalabag sa mga nasabing Kautusang Bayan;

SAPAGKAT, ang limampung kabahagdan sa mga nagpapatupad (apprehending unit) ng mga Kautusang Bayan ay magbibigay ng malaking tulong sa kaayusan at kaunlaran sa kanilang lugar sa pamamagitan ng mga proyektong pagpapatayo ng poso artesyano at iba pang proyekto na magiging kapakipakinabang sa pook o barangay;

NGAYON, DAHIL DITO, ang mga kasapi ng Sangguniang Bayan ay nagkaisa sa pagbibigay ng insentibo, limampung bahagdan (50%) sa mga apprehending unit sa pamamagitan ng mga multa na ipapataw sa mga lumabag sa mga nabanggit na Kautusang Bayan.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Sangguniang Bayan sa kanilang pang apatnapu't dalawang pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-18 ng Hulyo, 1988 sa Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa.

PINATUTUNAYANG TUTOO:

Atty. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Hulyo 18, 1988

RRC:vts